


# Paano Gumagana ang Enerhiya ng Solar

Ang mga solar electric system, na tinatawag ding photovoltaic (PV) system, ay gumagamit ng sikat ng araw upang makagawa ng kuryente.



## Paano Ito Gumagana

- 1 Tinatamaan ng sikat ng araw ang mga panel, na lumilikha ng kuryente.
- 2 Sinusukat ng metro ang dami ng kuryenteng nalilikha ng mga solar panel sa iyong ari-arian.
- 3 Ang kuryente ay ipinapadala sa power grid.
- 4 Makakatanggap ka ng kredito sa iyong bayarin sa utilidad batay sa dami ng kuryenteng inilalaan sa iyo mula sa mga solar panel.

## Mga Madalas Itanong tungkol sa Solar

### Magkakaroon ba ako ng kuryente sa gabi o kapag maulap sa labas?

Oo. Kahit na mas kaunting enerhiya ang nalilikha ng mga solar panel kapag maulap, konektado ka pa rin sa iyong kumpanya ng utilidad at magkakaroon ng kuryente sa gabi at kapag maulap.

### Makagawa ba ng enerhiya ang solar kapag nawalan ng kuryente?

Kung mawawalan ng kuryente, papatayin ang solar PV system. Ito ay para sa kaligtasan ng mga manggagawa sa utilidad at emergency. Maaapektuhan ka ng pagkawala ng kuryente dahil nakakonekta ka pa rin sa power grid ng utilidad.

Sa ilang mga kaso, maaaring may silid para sa komunidad na mayroon pa ring kuryente na maaari ninyong pagtipunan kapag walang kuryente. Bukod pa rito, maaaring may integrated storage ang ilang mga SOMAH system, maaari kang makipag-ugnayan sa pamamahala ng ari-arian o sa Hotline ng Tenant para matuto pa.

### Mawawalan ba ako ng kuryente dahil sa konstruksyon? Kailan? Gaano kadalas? Gaano katagal?

Saglit na papatayin ang kuryente habang isinasagawa ang pag-install ng solar. Kung ikaw ay maaapektuhan, aabisuhan ka nang maaga at bibigyan ng sapat na oras upang makapaghanda para sa panandaliang pagkawala ng kuryente.

### Saang bubong ilalagay ang mga solar panel? Masisira ba ang bubong?

Ilalagay sa buong ng ari-arian ang mga solar panel upang ma-optimize ang produksyon ng PV. Magbabahagi ang may-ari ng iyong ari-arian at ang pangkat ng konstruksyon ng impormasyon tungkol sa kung paano maaaring makaapekto ang konstruksyon sa iyong tahanan at mga lugar sa komunidad.

Bagama't maaaring ikabit ang mga solar panel sa bubong, mababa ang posibilidad na masira ito. Magsasagawa ng mga masusing inspeksyon upang maiwasan ang anumang uri ng pinsala sa bubong.

## May Mga Tanong Tungkol sa SOMAH?

☎ Hotline ng Tenant: 800-843-9728

✉ [tenants@calsomah.org](mailto:tenants@calsomah.org)



## Mga Simpleng Paraan para Makatipid ng Enerhiya

Ang pagpapatupad ng mga tip na ito ay maaaring makatulong na mabawasan ang iyong konsumo ng kuryente at mas mapalago ang mga credit sa bayarin mula sa solar. Manatiling ligtas – mahalagang maging komportable sa lahat ng panahon, kaya ipatupad lamang ang mga tip na sa tingin mo ay tama para sa iyo.



### Manatiling malamig sa tag-araw

Itakda ang iyong thermostat sa 78°F o mas mataas pa, buksan ang iyong mga bentilador at isara ang mga kurtina o blinds na direktang nasisikatan ng araw.



### Manatiling mainit sa taglamig

Itakda ang iyong thermostat sa 68°F o mas mababa pa at magsuot ng komportableng sweater. Isara ang mga kurtina o blinds sa gabi para malabanan ang lamig.



### Samantalahin ang natural na sikat ng araw

Buksan ang iyong mga blinds o kurtina para maliwanagan at mapainit ang iyong mga silid sa araw.



### Palitan ang lahat ng bombilya

Palitan ang lahat ng incandescent light bulbs ng mga LED bulb na pangmatagalan.



### Maligo nang mas mabilis

Panatiliing wala pang limang minuto ang iyong paliligo. Patayin ang tubig kapag hindi ginagamit at gumamit ng mas malamig na tubig.



### Gamitin lamang ang dishwasher para sa mga punong karga

Gamitin ang cool-dry cycle, patayin ito pagkatapos ng huling banlaw at hayaang matuyo sa hangin ang mga pinggan.



### Ayusin ang temperatura ng iyong refrigerator

Ilagay ang temperatura ng iyong refrigerator sa pagitan ng 36°F at 40°F at ang freezer sa 5°F.



### Patayin ang mga ilaw

Patayin ang mga ilaw kapag lumalabas ng kwarto, kahit ilang minuto lang.



### Tanggalin sa saksakan ang mga kagamitan

Pinapayagan ka ng mga power strip na patayin ang lahat ng mga ito nang sabay-sabay.

## May Mga Tanong Tungkol sa SOMAH?

☎ Hotline ng Tenant: 800-843-9728

✉ [tenants@calsomah.org](mailto:tenants@calsomah.org)